

Introduksiyon

Ipinagmamalaki ng Department of Health (Departamento ng Kalusugan), sa pakikipagtulungan sa Department of Social and Health Services (Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan), Adult Family Home Council (Konseho ng Pampamilyang Tahanan para sa Nasa Hustong Gulang), Washington Health Care Association (Asosasyon ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Washington), Leading Age Washington (Leading Age ng Washington), at Community Residential Services Association (Asosasyon ng Mga Serbisyong Residensiyal sa Komunidad) na ianunsiyo ang bagong programa sa pagkilala sa pagpapabakuna.

Ang Flu Fighter Facility Award (Gawad sa Pasilidad na Lumalaban sa Trangkaso) ay isang programang kumikilala sa mga tahanan at pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga sa Washington na nakakaabot sa rate ng pagpapabakuna laban sa trangkaso na hindi bababa sa 75% ng kanilang mga empleyado.

Bawat taon, kumpara sa iba, higit na naaapektuhan ng trangkaso ang mga mas nakatatandang nasa hustong gulang sa mga pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga. Ang mga empleyado at pasyenteng nagpabakuna laban sa trangkaso ay mayroong mas maliit na posibilidad na magkaroon ng mga malubhang komplikasyon mula sa trangkaso o maikalat ang trangkaso sa mga populasyong nasa mas mataas na panganib. Ipinapakita ng gawad na ito sa mga miyembro ng komunidad, pamilya, kaibigan at empleyado na gumawa ang pasilidad ng mga hakbang para protektahan ang mga pasyente o residente nito laban sa trangkaso.

Mayroong tatlong magkakaibang antas ang Flu Fighter Facility Award (Gawad sa Pasilidad na Lumalaban sa Trangkaso).

- Bronze na Gawad: Mga pasilidad na mayroong 75 hanggang 79% ng kanilang mga empleyado na nabakunahan laban sa trangkaso
- Pilak na Gawad: Mga pasilidad na mayroong 80 hanggang 89% ng kanilang mga empleyado na nabakunahan laban sa trangkaso
- Gintong Gawad: Mga pasilidad na mayroong 90% o higit pa ng kanilang mga empleyado na nabakunahan laban sa trangkaso
-

Ang mga organisasyong makakakumpleto ng lahat ng mga kinakailangang bahagi ng proseso ng paggawad bago lumipas ang Marso 15, 2021 ay kikilalanin sa pamamagitan ng sertipiko ayon sa naaangkop na antas ng gawad, nakapaskil na simbolo ng Flu Fighter Facility sa 2021 sa bintana nito, at pagsama sa listahan ng mga pinarangalang Flu Fighter Facility.

Ang Proseso ng Paggawad

Para maging kwalipikado sa Flu Fighter Facility Award para sa 2020-2021, dapat gawin ng mga pasilidad ang mga sumusunod:

- Punan ang inisyal na survey sa pagpaparehistro bago lumipas ang Disyembre 31, 2020.
- Pumili ng isang hadlang o balakid sa pagpapabakuna ng empleyado laban sa trangkaso na sisikapin ninyong alisin.
- Kolektahin ang porsiyento ng mga empleyadong nabakunahan laban sa trangkaso sa inyong pasilidad.
- Punan ang panghuling survey na nagbabahagi ng inyong mga resulta bago lumipas ang Marso 15, 2021.

Hakbang 1: Inisyal na Survey sa Pagpaparehistro

Para hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o may kahirapan sa pandinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.

[Type here]

[Punan ang survey sa pagpaparehistro](https://www.surveymonkey.com/r/W5BXR2B) (<https://www.surveymonkey.com/r/W5BXR2B>) (sa wikang Ingles lamang)

Tatanungin sa survey sa pagpaparehistro ang impormasyon ng inyong pasilidad, ang taong makakausap, kung kasalukuyan ninyong sinusubaybayan ang katayuan ng pagpapabakuna ng empleyado laban sa trangkaso, at ang hadlang sa pagpapabakuna na pagtutuunan ng inyong pasilidad.

Kasama sa mga pasilidad na kwalipikado para sa gawad na ito ang:

- Mga Pampamilyang Tahanan para sa Nasa Hustong Gulang
- Mga Pasilidad para sa Tinutulungang Pamumuhay
- Mga Pasilidad para sa Ipinagpapatuloy na Pangangalaga sa Pagreretiro
- Mga Pasilidad/Ahensiya na May Maraming Tungkulin
- Mga Tahanan sa Pangangalaga
- Mga Ahensiya para sa Sinusuportahang Pamumuhay
- Mga Pasilidad para sa Intermedyong Pangangalaga para sa Mga Indibidwal na Mayroong Mga Intelektuwal na Kapansanan
- Mga Pasilidad para sa Pinahusay na Serbisyo

Kung hindi kayo sigurado kung kwalipikado ang inyong partikular na lugar ng trabaho, mangyaring mag-email sa amin sa flufighter@doh.wa.gov.

Hakbang 2: Mga Hadlang sa Pagpapabakuna Laban sa Trangkaso

Dapat piliin ng mga pasilidad ang kanilang sariling hadlang sa pagpapabakuna laban sa trangkaso at pagpasyahan kung paano ito tutugunan. Pipiliin ang hadlang sa inisyal na survey sa pagpaparehistro, na nakalista sa Hakbang 1. Kung nahihirapan kayong mag-isip ng mga ideya, makikita sa seksiyon sa ibaba ang ilang halimbawa ng mga hadlang at kung paano tugunan ang mga iyon.

Hadlang sa Trangkaso 1: Kakulangan ng Access sa Bakuna

Tinutugunan sa pamamagitan ng:

- Pagbibigay ng libreng bakuna sa lugar ng trabaho
- Pag-aalok ng bakuna sa lahat ng shift/oras ng trabaho
- Paggamit ng mobile cart para mag-alok ng bakuna
- Pagbibigay sa tauhan ng voucher para sa pagpapabakuna sa isang botika o klinika
- Pakikipagtuwang sa isang mas malaking organisasyon sa pangangal agang pangkalusugan (halimbawa, ospital) para magbigay ng mga pagpapabakuna
- Pakikipagtulungan sa mga tagapayo sa botika para mag-alok ng mga pagpapabakuna laban sa trangkaso sa tauhan ng pasilidad
- Pakikipagtulungan sa mga asosyon ng mga bumibisitang nurse o iba pang nagbibigay ng bakuna para makapagbigay ng bakuna sa mismong lugar
- Pag-aalok ng bakuna laban sa trangkaso at mga kinakailangang pagsasanay, kumperensiya ng departamento, at iba pang pagpupulong
- Pumili ng inyong sariling estratehiya

Hadlang sa Trangkaso 2: Kakulangan ng Pagiging Masigasig tungkol sa Pagpapabakuna Laban sa Trangkaso

Para hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o may kahirapan sa pandinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov. **DOH #348-773 Nov 2020 Tagalog**

[Type here]

Tinutugunan sa pamamagitan ng pagtataguyod ng kultura ng pag-iwas sa sakit sa pamamagitan ng:

- Pag-aanunsiyo ng "araw ng pagpapabakuna" para mag-alok ng mga pagpapabakuna laban sa trangkaso at pagtuturo tungkol sa bakuna
- Paghihikayat sa mga empleyado gamit ang e-mail, mga poster, newsletter ng empleyado, at iba pang paraan ng komunikasyon para magpabakuna. Gamitin ang mga mapagkukunang nakalista sa seksiyon ng mapagkukunan sa ibaba para sa tulong sa pagpapadala ng mensahe at mga benepisyo ng pagpapabakuna.
- Pagsusubaybay at pag-uulat ng mga rate ng pagpapabakuna sa mga tauhan at supervisor
- Pagpapaalala sa mga hindi pa nababakunahang empleyado sa pamamagitan ng mga e-mail, sulat, paghihikayat mula sa mga supervisor, at tawag sa telepono
- Pagsisimula ng mga paligsahan o insentibo para magpabakuna, gaya ng maliliit na gift card, raffle, pizza party, atbp.
- Pagpapabakuna ng medikal na direktor at ng lahat ng manager sa harap ng mga tauhan
- Pumili ng inyong sariling estratehiya

Hadlang sa Trangkaso 3: Mabilis na Pagpapalit ng Tauhan

Tinutugunan sa pamamagitan ng:

- Pag-aalok ng mga oportunidad na mabakunahan sa iba't ibang panahon at lokasyon na maginhawa para sa lahat ng mga manggagawa sa lahat ng shift tuwing panahon ng trangkaso
- Pagtuturo at pagbabakuna sa tauhan bilang bahagi ng mga oryentasyon para sa bagong empleyado
- Pagtataguyod ng proseso para tukuyin at subaybayan ang katibayan ng pagpapabakuna laban sa trangkaso kada taon para sa bawat empleyado
- Pagtataguyod ng nakasulat na patakaran sa pagpapabakuna laban sa trangkaso para sa mga empleyado
- Pumili ng inyong sariling estratehiya

Hadlang sa Trangkaso 4: Kakulangan ng Mga Serbisyo sa Pagpapabakuna na Naaangkop sa Kultura para sa Tauhan sa Pangangalagang Pangkalusugan

Tinutugunan sa pamamagitan ng:

- Pamamahagi at paggamit ng mga materyales mula sa [HHS National Standards for Culturally and Linguistically Appropriate Services in Health and Health Care](#) (sa wikang Ingles lamang)
- Pagbibigay ng mga materyales sa edukasyon sa iba't ibang wika, kasama ang [Mga Pahayag sa Impormasyon tungkol sa Bakuna ng Centers for Disease Control and Prevention \(CDC, Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit\)](#) (sa wikang Ingles lamang)
[MedlinePlus: Trangkaso – Iba't Ibang Wika](#)
- Pumili ng inyong sariling estratehiya

Hadlang sa Trangkaso 5: Tukuyin ang Inyong Sariling Hadlang

Para hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o may kahirapan sa pandinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov. **DOH #348-773 Nov 2020 Tagalog**

[Type here]

- Pumili ng inyong sariling estratehiya

Hakbang 3: Pagpapabakuna ng Empleyado Laban sa Trangkaso

Kapag natugunan na ng mga pasilidad ang kanilang hadlang sa pagpapabakuna sa trangkaso para sa panahon ng trangkaso at handa na silang kumpletuhin ang panghuling survey ng aplikasyon, kakailanganin nilang kolektahin ang porsiyento ng mga empleyadong nabakunahan laban sa trangkaso para sa panahon ng trangkaso sa 2020-2021. Hindi kailangang iulat ng mga pasilidad ang anumang partikular na impormasyon o impormasyong nagbibigay ng pagkakakilanlan tungkol sa kanilang mga empleyado.

Ang mga empleyado ay itinuturing na bahagi ng bilang kung pisikal silang nasa lokasyon ng pasilidad o ahensiya ng kahit isang araw lamang mula Nobyembre 1, 2020 hanggang Pebrero 14, 2021.

Panghuling Survey

Magpapadala ng email ang Department of Health sa taong nakatalaga sa pakikipag-ugnayan sa inyong pasilidad para makumpleto ang panghuling survey. Dagdag dito, ipo-post namin ang link ng survey sa aming web page ng Flu Fighter (www.doh.wa.gov/FluFighter) (sa wikang Ingles lamang) kapag handa na ito. Dapat ninyong kumpletuhin ang mga hakbang mula una hanggang pangatlo bago ninyo maaaring kumpletuhin ang panghuling survey.

Mga Dulugan

(Sa wikang Ingles lamang)

[Flu Vaccine Finder \(Tagahanap ng Bakuna Laban sa Trangkaso\)](#)

[Knock Out Flu At Work- Employer Flu Shot Clinic Toolkit \(PDF\) \(Labanan ang Trangkaso sa Trabaho - Toolkit ng Klinika para sa Bakuna sa Trangkaso para sa Employer \(PDF\)\)](#)

[Promoting Vaccination In The Workplace \(CDC\) \(Pagtataguyod ng Pagpapabakuna sa Lugar ng Trabaho \(CDC\)\)](#)

[Healthcare Worker Immunization Toolkit \(IACW\) \(Toolkit para sa Pagpapabakuna ng Manggagawa sa Pangangalagang Pangkalusugan \(IACW\)\)](#)

[Programa sa Bakuna ng Nasa Hustong Gulang](#)

[Influenza Information for Public Health and Healthcare \(Impormasyon sa Trangkaso para sa Pamublikong Kalusugan at Pangangalagang Pangkalusugan\)](#)

[Department of Social and Health Services \(Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan\)](#)

Makipag-ugnayan Sa Amin

Kung mayroon kayong anumang tanong o komento tungkol sa programang Flu Fighter Facility Award o iba pang tanong tungkol sa pagpapabakuna, mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa flufighter@doh.wa.gov.

Mangyaring tandaan na hindi pinapangasiwaan o pinapamahalaan ng Department of Health ang mga pasilidad sa pangmatagalang pangangalaga. Boluntaryo ang programang ito para sa anumang organisasyon o pasilidad na gustong lumahok. Ginawang posible ang Flu Fighter Facility Award sa pamamagitan ng pakikipagtuwang ng mga miyembrong organisasyon ng asosasyon, DSHS at DOH.

Para hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o may kahirapan sa pandinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.

DOH #348-773 Nov 2020 Tagalog